

RICE STRAW BIOGAS HUB



RSBH





DAYAMI

Ang dayami, o "rice straw" sa Ingles, ay isang residuo ng pagsasaka na madalas itinatapon bilang basura dahil sa kakulangan ng sapat na gamit na pang-ekonomiya at teknikal.

Ang pagsusunog at pagpapabulok ng mga dayami ay nagdudulot ng paglabas ng greenhouse gases (GHG), na malaki ang kontribusyon sa abnormal na pag-init ng mundo.

RICE STRAW BIOGAS HUB

Ang Rice Straw Biogas Hub (RSBH) ay isang kolaboratibong proyekto para sa pagpapagaan ng klima na pinondohan ng Innovate-UK. Layunin nito na gamitin ang dayami para sa paggawa ng biogas at iba pang anyo ng bioenergy na sumusuporta sa ekonomiyang paikot (*circular economy*) sa agrikultura.

ANIM (6) NA ADHIKAIN NG PROYEKTO



1

gumamit ng mga makabagong teknolohiya tulad ng combine harvester para sa pag-ani ng dayami



2

gumamit ng biogas at iba pang anyo ng enerhiya sa pagpapatuyo ng palay at iba pang mga operasyon sa palayan



3

magbigay ng matipid sa enerhiya sa paggiling ng bigas



4

magsagawa ng sosyo-ekonomikong pagsusuri sa mga magsasaka ukol sa pagbuo ng "bioenergy" mula sa dayami



5

pag-aralan ang mga emisyon ng GHG at mga pagbawas na nagmumula sa pamamahala ng dayami ng palay



6

makagawa ng isang kapaligiran na nagbibigay-daan sa mahusay na pamamahala ng dayami at pagpapagaan ng klima





BIGAS

ang isa sa mga pangunahing produkto ng agrikultura sa buong mundo,

91%

nito ay itinatanim at kinokonsumo sa Asya.



~700 Mt*

* metrikong tonelada

dayami
kada taon



300Mt

 sinusunog

400Mt

 pinabubulok

Noong 2023, sa Pilipinas:

20 Mt

produksyon
ng palay

(Philippine Statistics Authority, 2024)

14-28 Mt

produksyon
ng dayami

using 0.7-1.4 straw to paddy ratio (International Rice Research Institute, n.d.)

2.7 kg

CO₂e/kg
rice grain

(palayanang may irigasyon)
batay sa baseline survey sa Laguna, Philippines

24%- 38%

inaasahang reduksyon sa emisyon ng GHG kung ipapatupad ang produksyon ng biogas sa produksyon ng bigas

batay sa life-cycle assessment (LCA) ng dayami para sa sistema ng biogas

Sangunian

International Rice Research Institute (IRRI). (n.d.). Rice straw. <http://www.knowledgebank.irri.org/step-by-step-production/postharvest/rice-by-products/rice-straw>

Philippine Statistics Authority. (2024). Updates on January-March 2024 Palay and Corn Estimates Based on Standing Crop. 01 February 2024. <https://www.psa.gov.ph/content/updates-january-march-2024-palay-and-corn-estimates-based-standing-crop-01-february-2024>





GABAY SA EKONOMIYANG PAIKOT: MABABANG EMISYON NA BIGAS

PAGBIBIGAY-LAKAS SA ATING PINAGSAMANG PAGSISIKAP



Suportahan natin ang pagpapahalaga sa mga likas na yaman

Isulong ang mahusay at epektibong pamamahala ng dayami ng palay, na oportunidad para pagkakitaan ang mga residuo



Suportahan natin ang mga sustainable na negosyo

Makipagtulungan sa mga organisasyon at negosyo upang itaguyod ang mga napapanahong kasanayang pang-agrikultura



Magkaisa tayo para sa malinis na enerhiya

Gamitin ang mga malinis na pinagkukunan ng enerhiya at teknolohiya, upang matiyak ang isang masaganang kapaligiran para sa mga susunod na henerasyon

PANAHAON NA PARA KUMILOS!